
LEVEL 1

# Leveled Reader
## in Filipino

# Ulan, Ulan



Isinulat ni Sanjiv Jaiswal 'Sanjay'
Iginuhit ni Ajit Narayan



Si Ulap ay masayang gumugulong sa kalangitan.



“Ulap! Bakit hindi ka magpaulan? Ako ay sasayaw para sa iyo,” sabi ng paboreal.



“Maawa ka Ulap,
paulanin mo na.
Kailangan ko ng
tubig,” sabi ng isda.




“Maawa ka Ulap, paulanin mo na. Magtatanim ako ng mga binhi para sa susunod na anihan,” pakiusap ng magsasaka.



“Kapag pinaulan mo, magpapaandar ako ng mga bangkang papel,” ang sabi ni Rajo.



Nagpaulan si Ulap ng maraming kumikinang na patak.



Ibinuka ng paboreal ang kaniyang magagandang pakpak at sumayaw.



Napuno ng tubig ang sapa. Naging masaya ang isda.



Nagsimulang magtanim ang magsasaka.



Tilamsik! Tilamsik!
Tilamsik!
Napakasaya ni Rajo
na naglalaro sa ilog
kasama ang kaniyang
mga kaibigan.



Nakapagdulot si Ulap
ng kasiyahan sa puso
ng bawat isa.
Nagpatuloy ito at
naging panatag na
ang lahat.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE
RTI
INTERNATIONAL
The Asia Foundation